



Ang sinasabi ng mga tao tungkol sa Mana Ake

“Gustung-gusto ng anak ko na makipagtulungan sa kanyang kaimahi at ginagamit niya ang mga kagamitang ibinigay sa kanya upang harapin ang mga nadaramang pag-aalala.”

“Talagang inaabangan ng anak kong babae ang oras na kasama niya ang kanyang kaimahi. Pinag-uusapan nila ang mga isyu at alalahanin habang ginagawa ang ibang gawain. Ang mga solusyong naisip ay gumagana – siya ay mas masaya at kalmado.”

“Ang Mana Ake ay hulog ng langit para sa aming pamilya. Ipinakita nito sa anak kong babae na kaming magulang niya ay nagmamahal sa kanya nang labis at ang paaralan ay sumusuporta sa kanya.”



MANA AKE
STRONGER FOR TOMORROW

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Mana Ake:

Makipag-ugnay sa:

Makipag-usap: sa isang kawani sa paaralan ng inyong anak

Bumisita sa: ccn.health.nz/FocusAreas/ManaAke-StrongerforTomorrow

Mag-email sa: manaakefeedback@cdhb.health.nz



MANA AKE
STRONGER FOR TOMORROW

Nagpapabuti ng kagalingan at positibong kalusugan ng kaisipan para sa mga bata na nasa Baitang 1-8 ng mga paaralan sa buong Canterbury



Paanong makakukuha ng suporta ang mga bata mula sa Mana Ake?

Maaari kayong makipag-usap sa guro ng inyong anak, o sa isang kawani ng paaralan, upang tingnan kung ang Mana Ake ang tamang serbisyo upang sumuporta sa inyong anak. Kung ang inyong anak ay kasalukuyang hindi pumapasok sa paaralan, direkta kayong makahihiling ng suporta mula sa Mana Ake sa:

manaakefeedback@cdhb.health.nz

Ano ang Mana Ake?

Ang Mana Ake - Mas Matatag para sa Kinabukasan ay sumusuporta sa mga bata na 5 hanggang 12 taong gulang sa buong Canterbury.

Ang Mana Ake ay para sa mga bata na nahihirapang pamahalaan ang kanilang mga damdamin, kayanin ang paghihiwalay ng mga magulang, nagdadalamhati at naulila, o nakakaramdam na sila ay nag-iisa.

Ang pangkat ay nakikipagtulungan sa mga paaralan, at whānau, kapag may napuna silang nakapag-aalala tungkol sa kagalingan o kalusugan ng kaisipan ng isang bata.

Ano ang ginagawa ng Mana Ake?

Ang Mana Ake kaimahi ay maaaring:

- sumuporta sa mga guro sa paghahatid ng mga programa sa silid-aralan na nagtataguyod ng kagalingan;
- makipagtulungan sa mga bata at sa kanilang whānau sa tahanan at/o sa paaralan;
- mag-ugnay ng mga paaralan at whānau sa mga mapagkukunan sa komunidad na nagpapabuti ng kagalingan.

